## SO WHAT

- Ang pag-ibig at pag-aasawa ba ay bahagi ng iyong panalangin? Kung oo, paano nahahanay ang iyong panalangin sa Bibliya? Kung hindi naman, ano ang pumipigil sa iyo na manalangin para sa mga ito?
- Maaari mo bang masabi na ikaw ay handa na sa buhay at pag-aasawa? Bakit? Bakit hindi?
- Ano ang ibig sabihin ng "mamatay sa sarili"? Papaano ito inihalimbawa ni Jesus sa atin?

## NOW WHAT

- Balikan natin ang listahan ng ating mga panalangin. Ano ang sinasabi sa iyo ng Diyos na maging kasunduan sa panalangin patungkol sa pakikipagrelasyon?
- Ano ang kailangang palaguin sa iyong pag-uugali na mas ikabubuti mo upang maging handa sa buhay at pag-aasawa?
- Aninagin ang iyong pakikipagrelasyon at hingin sa Diyos na ikaw ay dalhin sa bagong antas ng pananalig, pag-ibig, at paglago sa mga bagay na ito.

# PRAYER

- Pasalamatan at purihin ang Diyos para sa mga dakilang plano Niya para sa iyo at sa iyong mga ugnayan. Manalig sa Kanya at sundin mo ang Kanyang kaparaanan.
- Hilingin sa Diyos na siyasatin ang iyong puso at isaayos ang iyong mga pagpapahalaga pag dating sa pakikipag-ugnayan. Manalangin na lalo kang lumago sa iyong pagkatao at paghahanda sa buhay at pag-aasawa.
- Ipagdasal ang bawat isa sa iyong *Victory group*, na ang bawat isa ay magpasyang magmahal ayon sa halimbawa ni Jesus at hindi nakasalalay sa damdamin. Ipagdasal na ang mga pagsasamang mag-asawa ay maging dalisay at matibay.

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2014
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

WEEK 1 FILIPINO

# Isaac at Rebeka

IT'S NOT THAT complicated

## NOTES

# CONNECT

- Anong pelikula o awitin ang lubos na naisasalarawan ang iyong kasalukuyang kalagayan sa pag-ibig?
- Anong pinakamainam na payo ang iyong natanggap ukol sa mala-romantiko mong pakikipag-ugnayan (buhay may asawa, pakikipagdeyt)?
- Anong linya ng pangungusap ang nasabi mo na sobrang madamdamin?

**WORD**

*[64]Nang makita ni Rebeka si Isaac, bumaba siya sa kanyang kamelyo [65]at nagtanong sa alipin ni Abraham, "Sino ang taong iyon na naglalakad sa bukid papalapit sa atin?" Sumagot ang alipin, "Siya ang aking amo na si Isaac." Kaya tinakpan ni Rebeka ang kanyang mukha ng belo. . . . [67]Pagkatapos, dinala ni Isaac si Rebeka sa toldang tinitirhan noon ng kanyang inang si Sara. Naging asawa siya ni Rebeka at mahal na mahal niya ito. . . .*

GENESIS 24:64,65,67 (BASAHIN ANG BUONG KAPITOLO PARA SA KABUOANG KWENTO.)

**WHAT**

Pagdating sa pag-ibig, pakikipagtalik, at pag-aasawa, malakas ang udyok ng pagsunod sa makamundong daan imbis na sa makaDiyos na sukatan. Gayunman, nilinaw ng Bibliya ang panuntunan upang magtagumpay tayo. Ang kwento ni Isaac at Rebeka ay magandang halimbawa kung paanong ang mga relasyon ay hindi kailangang komplikado. Narito ang tatlong aral na mapupulot sa kanilang kwentong pag-ibig.

## 1 Ang panalangin ay may malaking papel na ginagampanan sa pakikipagrelasyon.

*[12]Nanalangin ang alipin, "Panginoon, Diyos ng amo kong si Abraham, nawa'y magtagumpay po ako sa pakay ko rito, at ipakita n'yo ang kabutihan ninyo sa aking amo." . . . [63]Isang araw, nang magtatakip-silim na, lumabas si Isaac at naglakad-lakad sa kanilang bukirin. May nakita siyang mga kamelyo na papalapit.* GENESIS 24:12,63

Nanalangin muna si Eliezer bago naghanap ng mapapangasawa ni Isaac. Si Isaac ay nagdasal din bago niya makatagpo si Rebeka. Ipinagdadasal mo ba ang iyong asawa? Sa mga walang asawa, ipinanalangin n'yo ba ang inyong mapapangasawa? Mga magulang, ipinagdadasal n'yo ba ang mapapangasawa ng inyong mga anak?

## 2 Ang paghahanda sa pag-aasawa ay hindi yung naghihintay na lang kung sino ang mapadaan.

*[18]Sumagot si Rebeka, "Sige ginoo, uminom ka." Mula sa balikat niya, ibinaba niya agad ang banga at hinawakan ito habang umiinom ang alipin. [19]Pagkatapos niyang painumin ang alipin, sinabi niya, "Iigib naman ako para sa mga kamelyo mo hanggang sa makainom silang lahat." . . . [21]Habang nakamasid ang alipin kay Rebeka, iniisip niya kung iyon na ang sagot ng Panginoon sa panalangin niya sa pagpunta niya sa lugar na iyon.* GENESIS 24:18,19,21

Malakas uminom ng tubig ang kamelyo at natatangi ang pagtugon ni Rebeka sa pangangailangan kaya't nagbigyang pag-asa si Eliezar na siya na nga ang para kay Isaac. Ang paghahanda sa buhay ay mahalaga—yung hindi iniisip na pag-aasawa na ang ganap na hantungan. Sa inasal ni Rebeka, ano ang mayroon siya na naghanda sa kanya sa buhay at pag-aasawa? Anong mga pagkakataon ang nagbukas para sa kanya dahil dito?

## 3 Ang pag-ibig ay isang pagpapasya at ang pag-aasawa ay tipanan.

*. . . [65]at nagtanong sa alipin ni Abraham, "Sino ang taong iyon na naglalakad sa bukid papalapit sa atin?" Sumagot ang alipin, "Siya ang aking amo na si Isaac." Kaya tinakpan ni Rebeka ang kanyang mukha ng belo. [66]Sinabi ng alipin kay Isaac ang lahat ng ginawa niya. [67]Pagkatapos, dinala ni Isaac si Rebeka sa toldang tinitirhan noon ng kanyang inang si Sara. Naging asawa niya si Rebeka at mahal na mahal niya ito. . . .*GENESIS 24:65-67

Mas binibigyang-pansin sa ating kultura ang damdamin. Kung ang pangunahing batayan sa pag-aasawa ay emosyon, ano na lang ang mangyayari kung ito'y unti-unting maglalaho? Sa mata ng Diyos, ang pag-aasawa ay tipanan at ang pag-ibig sa likod nito ay pagpapasya, hindi lamang ayon sa nadarama. Papaano tayo tinuturuan ng Bibliya na mahalin ang ating asawa (Efeso 5:25-33)? Anong pagpapasya ang may kinalaman dito?